

TUNGO SA KULTURA NG PAKIKISANGKOT: ISANG PAGNINILAY SA PAGPAPALAKAS NG MGA KATUTUBONG PAMAYANAN GAMIT ANG LENTE NG ANTROPOLOHIYA

Jane DC. Austria-Young

Minsan naturan ng isang katutubong lider, “ang aming mga katutubong pamayanan ay organisado na bago pa man ang estado!” Bilang isang organisador at tagalabas sa kultura ng mga Ayta, ang katagang ito ang nagtulak sa akin upang suriin ang kaangkopan ng modelo ng pag-oorganisa tungo sa pagsasa-kapangyarihan ng pamayanan na tinatawag na “*issue-based community organizing*”. Ang karanasan sa pagpapalakas ng mga katutubong pamayanan ng mga Ayta ng Capas, Tarlac ang batayan ng pagninilay at pagsusuri hinggil sa epektibong pagpapakilos ng katutubong pamayanan na nakabatay sa kanilang kultura at kalagayan. Sa aking pananaw, ang mga katutubong pamayanan ay nahaharap sa matitinding usapin na epekto ng tinatawag ng marami na “kaunlaran.” Sa layuning mapatalas ang proseso, konsepto, at pamamaraan ng pagpapalakas ng mga katutubong pamayanan, ginamit ang lente ng antropolohiya sa pagninilay-nilay tungkol sa mayamang karanasan ng pagkilos sa pagtatanggol ng karapatan sa lupaing ninuno. Bilang organisador, malaki ang aking pagkilala sa papel ng antropolohiya sa pagpapatalas ng usapin sa pagpapalakas ng katutubong pamayanan. Ang pagtatagpo ng lente ng antropolohiya at proseso ng pagpapalakas ng pamayanan ay may malaking ambag sa epektibong pagresolba ng mga usaping kinakaharap ng mga katutubo sa pagdepensa ng kanilang karapatan na nakabatay sa kanilang kultura at takdang kamalayan.

Mahahalagang konsepto: *Pag-oorganisa ng pamayanan* (community organizing), *kaunlaran* (development), *karapatan sa lupaing ninuno* (ancestral domain rights), *pagpapalakas ng katutubong pamayanan* (indigenous peoples empowerment), *antropolohiya tungo sa pakikisangkot* (engaged anthropology).

Ang mundo ng pakikisangkot

Normal sa isang organisador ang pagninilay, mga panahong palagiang sinasagot kung saan nga ba patungo ang mga gawain sa pakikisangkot. Malinaw sa akin na ang pag-oorganisa ng pamayanan ay isang paraan upang mabago ang balangkas ng lipunan ngunit mukhang may kailangang pagpapatalas sa pag-oorganisa sa katutubong pamayanan: *Tama ba ang aking pamamaraan? Angkop ba sa kanilang gawi ang kultura ng pakikisangkot?* Ang mga agam-agam na ito ang nagtulak sa akin na pumasok sa disiplina ng antropolohiya taong 2006 upang magdagdag ng bagong kamalayan, at upang lalong mapatalas ang aking proseso, pananaw, at prinsipyo ng pag-oorganisa sa katutubong pamayanan. Katulad ng isang mekaniko, ako ay nagdadagdag ng bagong kasangkapan upang mas lalong mapaunlad ang aking pamamaraan sa pagpapakilos ng pamayanan na angkop sa katutubong kultura. Noong una, hindi ako pamilyar sa mga usapin sa loob ng disiplina ng antropolohiya ngunit ang mahigit sa isang dekadang karanasan sa pagpapakilos ng pamayanan sa Pilipinas ang aking naging ambag sa pakikipagtalastan sa loob ng pamantasan.

Sa panahong ito, handa akong suriin ang aking karanasan sa pagpapakilos ng mga katutubong pamayanan sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa personal na karanasan (*reflexive approach*) upang mas lalong maintindihan ang mga panlipunang galaw (*social reality*) ng mga pamayanang kaugnay. Ang layunin ng papel na ito ay maanalisa ang husay ng modelo ng pag-oorganisa na aking naranasan sa pagpapakilos ng katutubong pamayanan ng mga Ayta upang magkaroon ng tinig sa lipunang ginagalawan. Maraming mga pamamaraan, proseso, at kamalayan bilang organisador ang nabuksan sa karanasang ito upang mas maging sensitibo sa lipunan ng pamayanan bilang tagalabas sa kultura ng katutubo. Ang pagninilay na ito ay nakasentro sa karanasan ng organisador gamit ang tradisyunal na pamamaraan ng pag-oorganisa, mula sa pagpasok sa komunidad hanggang sa pagbubuo ng ugnayan ng pamayanan. Ang 'awto-etnograpiyang' ito ay pagsasanib ng tinig ng isang organisador at pananaw ng mga kasamang kumilos na mga Ayta lider sa pagbuo ng isang modelo ng pag-oorganisa na sensitibo sa kalagayan ng mga katutubong pamayanan.

Ang sasalamining karanasan ay galing sa apat na taong direktang pakiki-ugnay bilang organisador at tagapagsanay ng mga Ayta lider sa pagpapalakas ng katutubong pamayanan. Ang aking taya sa panlipunang pagbabago ang nagtulak upang mas maintindihan ang pakikisangkot ng mga katutubo sa larangang ito. Kasabay ng direktang karanasan sa pag-oorganisa, ang isang taon na pananaliksik na dagdag ang lente ng antropolohiya ng pakikisangkot ay naging bahagi upang mapayaman ang pagsusuri. Sa aking pananaw,

masusuri ang karanasang ito sa pamamagitan ng pamamaraang pagninilay (*reflexive approach*) upang maunawaan ang sariling karanasan kasabay ang pag-unawa sa sitwasyon ng lipunan bilang kabuuan (Davies 2008). Ang pagsusuri ay hindi lamang nakatuon sa sariling karanasan bilang tagapagpakilos ng pamayanan kundi iniugnay ito sa pag-unawa sa buhay ng pamayanang kinikilusan (Behar 1996, Reed-Danahay 1997).

Naniniwala ako, bilang isang organisador at antropolohista, sa pagsasakapangyarihan ng pamayanan upang mapakinggan ng mga may kapangyarihan. Layunin ng pagbabahaging ito ang makaambag sa kaalaman kung paano mapagsanib ang lente ng pag-oorganisa at lente ng antropolohiya ng pakikisangkot tungo sa pagpapatalas ng mga estratehiya ng pagsasakapangyarihan ng katutubong pamayanan. Ayon kay Harrison (2008), tungkulin din ng disiplina ng antropolohiya na mapayaman ang kanyang tinatawag na *critical anthropology of anthropology*—ibig pakahulugan na ang disiplina ay may kakayanang magsilang ng bagong kaalaman. Ang papel na ito ay halaw sa pananaw na ang tunay na pagbabago ay makakamit kung ang tao ay bahagi sa prosesong ito.

Ang usapin ng mga mahihirap at walang boses na mga komunidad ay hindi malayo sa aking karanasan. Ang kahirapan ay hindi teorya para sa akin. Sa aking murang gulang, ito ay aking kasalamuha sa pang-araw-araw na buhay—mula sa pangangailangan ng pagkain hanggang sa pagkakaroon ng mabuting edukasyon. Ang pagdanas ng kahirapan sa murang edad ang nakintal sa aking isipan na may hindi tama: *Bakit may mga pamilyang labis ang kanilang pagkain samantalang may mga pamilyang nagdarahop?* Pinili kong makisangkot sa pagbabago ng lipunan sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng pamayanan na nakaugat sa pagnanais na maging bahagi sa proseso ng pagkakaroon ng tinig at kapangyarihan ang mga mamamayang karaniwang walang tinig sa lipunan. Laking gulat ng aking mga magulang na ilang araw pagkatapos kong matanggap ang katibayan ng aking pagtatapos taong 1994 ay naglakbay ako patungo sa lalawigan ng Quezon upang makibahagi sa pagsasanay ng mga bagong organisador. Tanong nila sa akin: “Sigurado ka ba sa gusto mong gawin?”, “Bakit ganyang trabaho ang napili mo?”, “Bakit kailangan mong maglakad ng malalayo at umakyat ng bundok samantalang pwede ka naman sa opisina at nagtapos ka ng kolehiyo?” Tanong ko noon sa aking sarili: *Makakamit ba talaga ang tunay na katarungan at pagkakapantay-pantay? Paano ba malalabanan ng mga mahihirap ang kaapihan sa lipunan?* Ang mga tanong na ito ang nagsilbing hamon sa akin at nagpanatili ng apoy sa aking pakikisangkot sa gawaing pagbabago. Dala ng aking kabataan, malinaw sa akin na kailangang may pagbabagong maganap upang makaahon sa kahirapan ang mga taong walang

bores sa lipunan. Sa aking pagnanais na magkaroon ng panlipunang katarungan, ako’y nagdesisyon na maging organisador.

Proseso ng pagsasakapangyarihan, modelo ng pag-oorganisa

Maraming paraan sa pagpapakilos ng mga pamayanan upang magkaroon ng solusyon sa isang kinakaharap na suliranin. Ang pag-oorganisa ng pamayanan o *community organizing (CO)* ay kadalasang ginagamit bilang proseso upang mapaayos ang implementasyon ng isang proyekto. Ang modelo ng pag-oorganisa na aking naranasan bilang isang tagapagpakilos ay tinatawag na “*issue-based community organizing*” at nagbuhat sa karanasan at mga teorya nina Saul Alinsky at Paulo Freire (Sen 2003). Ayon kina Alinsky (1971), Ernesto Cortez (Rogers 1990), at Edward Chambers (2008), mga kilala sa larangan ng pag-oorganisa, dapat laging bitbit ng organisador ang “*iron rule*” sa pag-oorganisa ng pamayanan: “*never do for people what they can do for themselves.*” Walang sinumang may monopolyo ng kaalaman o may tanging sagot sa mga suliranin ng lipunan; sa sama-samang pagsusuri at pagkilos magaganap ang pagbabago. Batay kay Paulo Freire, ang edukasyon ay naghahanda sa mga tao upang maging mapanuri at hindi lamang tagatanggap ng impormasyon.¹

Sa *issue-based community organizing*, isang 'proseso tungkol sa pagpapakilos ng tao', 'ang tao ay tutugon sa mga usapin o isyu' kung saan direkta siyang apektado (Anderson-Lazo 2009). Itong pag-oorganisa ay paghubog ng mga liderato na siyang magsisilbing boses ng pamayanan. Layunin na magkaroon ng kapangyarihan ang mga pamayanan na maging bahagi ng proseso ng pagdesisyon sa mga polisiya ng pamahalaan (Szakos at Szakos 2007). Ibig pakahulugan, ang pag-oorganisa ay magbabago ng kamalayan ng pamayanan mula sa 'kultura ng pananahimik' patungo sa 'kultura ng pagkamit ng kapangyarihan' (Freire 1970, Miller 2009). Ang sukatan ng kapangyarihan na ito ay ang pagbubuo ng isang samahang nakabatay sa malalim na respeto sa kakayanan at dignidad ng tao na mabago ang kanyang kalagayan.

¹Sa *issue-based organizing*, mahalaga ang malalim na pag-unawa sa kaibahan ng “*dialogical method*” at “*banking approach*” (Freire1970). Ang *dialogical method* ay isang proseso ng pagpapalabas ng ideya at punto ng pagpapakilos na galing sa tao (kaysa ang organisador ang magsasabi kung ano ang dapat na aksyon). Samantalang ang *banking approach* ay nakasentro sa tagapagbigay ng impormasyon, na siya ang may monopolyo ng ideya at kailangang ibahagi sa tao bilang tagatanggap ng ideya.

Mga hakbang tungo sa pagkamit ng kapangyarihan

Ang Pilipinas ay may mayamang karanasan sa pag-oorganisa mula pa noong dekada '70. Bunga ng mga karanasang ito, nakabuo ng mga manwal ng pagpapakilos upang isakonteksto ang proseso ng pag-oorganisa batay sa pananaw at kultura ng bayan. Taong 1984, nagsama-sama ang mga organisador sa buong bansa upang magkaisa sa proseso, pananaw, at mga hakbangin ng pamamaraan sa pagpapakilos ng mga walang kapangyarihan sa lipunan. Bunga nito, nailathala ang librong *Organizing People for Power* (Maglaya 1987) na naging batayan sa pagsasanay ng mga bagong henerasyon ng organisador sa Pilipinas (Murphy 2005) sa “*ten steps*” o 'sampung hakbang' ng pag-oorganisa. Ang mga proseso, pananaw, balangkas, at teorya sa pag-oorganisa ang naging mga pamantayan sa paghubog ng mga organisador sa Pilipinas (COPE Manual w.p., Maglaya 1987).

Binibigyang diin sa proseso ng *issue-based organizing* ang pagbubuo ng ugnayan sa mga pamayanan. Ang modelo ay isang disiplina; ang matagumpay na pagpapakilos ng tao ay nakasalalay sa maayos na paghahanda sa mga kumikilos. Naalala ko ang sambit ng aking tagapagsanay: ang isang mahusay na organisador ay nasusukat ang kagalingan kung siya ay may kakayahang makipag-usap, magabayan nang malaya ang mga tao sa pamayanan, at tumulong upang mapalabas ang pagiging malikhain at mapanuri ng mga tao sa pagtugon sa kanilang mga usapin. Bilang organisador kailangan kong maging palatanong upang matulungan ang mga taong maging mapanuri sa kanilang kalagayan at kumilos sa mga usaping nakakaapekto sa kanilang buhay (Hope at Timmel 1984). Ang susi sa prosesong ito ay ang kakayanang makinig.

Sa pagsasanay bilang isang organisador, aktwal na tinitingnan ng tagapagsanay ang iyong pamamaraan sa pagsasabuhay ng hakbang sa pag-oorganisa. Pinatalas ni France Clavecillas, ang aking tagapagsanay sa pag-oorganisa, kung paano epektibong makipag-ugnay sa kinikilusang pamayanan.² Sinasabi ng mga naunang organisador na ang *community organizing* ay isang proseso ng 'pagpapakilos-pagninilay-pagpapakilos' (*action-reflection-action*). Nagsisimula ito sa pagsusuri ng isyu. Ang pagharap, sa termino ng isang organisador, ay isang proseso ng

²May mga panahong hindi madaling tanggapin ang mga puna ng tagapagsanay sa iyong proseso at pamamaraan ng pag-oorganisa. Dito nahubog ang aking respeto sa kanilang kasaysayan at kultura bilang komunidad at paniniwala sa kanilang kakayanang mabago ang kanilang kasalukuyang sitwasyon. Ang aking tagapagsanay sa pag-organisa ang nagsilbing panday na sinasalang ang asero sa apoy upang mahulma at tumalas sa tamang panahon.

'pakikipagtunggali' (*confrontation*), kung saan nabubukas ang kamalayan ng mga tao na kailangang magkaisa upang mapakinggan ng mga tao sa gobyerno. Sa paulit-ulit na pagdanas ng sama-samang pagkilos, napapalakas ang kakayanan ng mga tao. Ang pagsasakapangyarihan ng pamayanan ay hindi nangyayari sa madaliang panahon. Kinakailangan ang malalim na pakiki-ugnay sa tao, pagsusuri, pananaliksik at pagpapakilos.

Ang sampung hakbang ng pag-oorganisa:

1. Pakikipamuhay sa pamayanan upang maintindihan ang buhay at kultura ng komunidad. Ang prosesong ito ang magpapalalim ng prinsipyo na ang organisador ay kaisa ng pamayanan.
2. Pagsisiyasat o *Social Investigation (SI)*. Sistematikong pagsusuri sa mga usaping nakakaapekto sa pamayanan batay sa malalim na pananaliksik.
3. Pagtukoy sa problema at pagseguro na ang isyung kikilusan ay batay sa pangangailangan ng mga tao at dumaan sa proseso ng pagsusuri at pagdedesisyon.
4. Pagsuyod o *groundwork*. Sinisiguro ang pag-iisa-isa sa mga apektado sa usapin upang makapag-plano ng pagkilos. Dito mahalaga ang kasanayan sa pagpukaw ng kamalayan ng mga pamayanan.
5. Pulong kung saan mangyayari ang kolektibong pagdedesisyon sa plano ng pagtugon sa mga usapin.
6. Pagsasadula. Kinikilala ng mga organisador na kailangang ihanda ang mga tao sa pamayanan upang maipahayag ang kanilang mga usapin sa mga ahensya ng pamahalaan.
7. Sama-samang pagkilos o mobilisasyon. Pagharap ng mga walang boses sa lipunan sa mga nasa posisyon ng kapangyarihan.
8. Pagtatasa. Ayon sa mga organisador, epektibo ang pagtatasa ng karanasan pagkatapos ng gawain upang mabalikan ang kalakasan at kahinaan ng pagkilos.
9. Pagninilay. Ang pagpapalalim ng karanasan ng pagkilos sa kabuuang konteksto ng lipunan.
10. Pagbubuo ng samahan upang masiguro na ang sama-samang pagkilos ay kayang maipagpatuloy.

Sa gitna ng hamon ng pag-oorganisa, paminsan-minsan ay nakakarinig pa rin ako ng mga salitang: “Bakit ganyan ang trabaho mo laging lakad ng lakad, usap ng usap sa mga tao, hindi ka ba natatakot sa ganyan?” “Babae ka pa naman, naglalakad ka sa mga bundok? Kung saan-saang bahay ka nakikitulog?” Ako ay hindi nababagabag sa ganitong mga puna, sapagkat malinaw sa akin ang aking gampaning papel. Ang aking unang karanasan sa pakikisangkot ay sa mga pamayanan sa paanan ng Bundok Banahaw sa Sariaya, Quezon. Nakita ko ang takot sa dibdib ng mga taong papaalisin sa lupang kanilang sinasaka at nagpapagal ng buong araw sa kanilang sakahan ngunit sa bandang huli ay kaunti lamang ang kanilang bahagi sa ani. Sa simula ay may pangamba sa pagkilos upang ihain sa ahensya ng pamahalaan ang kanilang mga usapin. Sa proseso ng pag-oorganisa, naipakita na may kakayahan ang pamayanang baguhin ang di makatarungang kondisyon kung ang karamihang ng apektadong mamamayan ay kumilos. Ang mga tagumpay na ito ng pamayanan ng Sariaya ang naging bitbit kong karanasan sa aking pakikisangkot sa iba pang pamayanan.

Pagtatagpo ng isang organisador at ng mga katutubong Ayta

Ang aking karanasan ay tumawid mula sa mga usapin ng mga magsasaka patungo sa mga usapin ng katutubo sa Pilipinas. Noong taong 2002 ako ay naglakbay patungong Resettlement Site ng mga Ayta sa Kalangitan sa bayan ng Capas, Tarlac. Naalala ko pa ang pabaon sa akin ng isang kasamang organisador: “Sigurado ka ba na kayang ma-organisa ang mga Ayta?”, “Paano mangyayaring ang dating mga katag-katag na pamayanan, malaya, at palipat-lipat sa paghahanap ng pagkain sa gubat ay mao-organisa sa pagprotekta ng kanilang karapatan?” Buong tapang akong nakipag-ugnay sa mga usapin ng Ayta ng Capas bitbit ang mga gumagambalang tanong at karanasan ng pag-oorganisa gamit ang proseso ng *issue-based organizing*.

Ang mga Ayta ay nakilala sa mga libro ng kasaysayan bilang mga ninuno ng lahing Pilipino. Batay sa ginawang pag-aaral, tinatayang mas malapit sa *Asian-Pacific genetic group* ang mga Negrito sa Pilipinas kaysa sa *African Pygmies* (Omoto 1981). Ang Bundok Pinatubo ang naging kanlungan ng mga Ayta sa mahabang panahon (Seitz 2004). Ang lahat ng biyaya gaya ng pagkain at pangangailangan sa araw-araw ay kaloob ni Apo *Namalyari*, ang kinikilalang mataas na espiritu na tagapangalaga ng mga Ayta. Noong pumutok ang bulkang Pinatubo, isang paniniwala ng mga Ayta na ito ay resulta ng pagkagalit ni Apo Namalyari sa mga gawain ng mga tao na nagdudulot ng tuluyang pagkasira ng kabundukan (Shimizu 2001). Dahil sa sakuna ng pangyayaring ito, karamihan sa mga Ayta ay napilitang tumira sa *evacuation site* at sa kalaunan ay sa *resettlement site*. Hindi man nila kagustuhan, kailangang pansamantalang iwan ang kabundukan sapagkat ang

mga ito ay puno ng mga deposito ng lahar. Sa bago nilang kondisyon, ang dating kabuhayan na nakadikit sa gubat ay unti-unting napalitan ng bagong anyo ng pamumuhay. Ang dating mga pamayanang malayang nangangaso sa gubat, naghahanap ng pagkain sa sapa at ilog, nagtanim sa kaingin, at nabubuhay sa sariling sistema na walang agam-agam ay nagambala sa pagputok ng bulkan (Seitz 1998, Shimizu 1989).

Ang kanilang sistema ng pangangalap ng pagkain at pangangaso sa gubat ay nagturo sa kanila ng kakayahang umangkop at kumilos batay sa sitwasyon. Ayon kay Seitz, ang “*economic flexibility*” at “*spatial mobility*” ay mga katangian ng Ayta na naging pananggalang nila sa bagong buhay sa *resettlement site* (2004:33). Ang Ayta, katulad ng ibang katutubo sa Pilipinas na nakabatay sa pangangalap at pangangaso ang kabuhayan, ay dumadanas ng isang transisyon upang mabuhay sa kasalukuyang panahon. Ang tuluyang pagkasira ng kagubatan at ang pagputok ng Pinatubo ay nagdulot ng malaking hamon para sa mga pamayanan ng mga Ayta. Ang isa sa malaking pagbabago ay ang pagkain ng kanin sa pang-araw-araw na buhay. Sapagkat karamihan sa mga bata ay nasanay na sa pagkain ng kanin, kailangan ng pera sa araw-araw upang makabili ng bigas. Pangangalap ng puso ng *amukaw* (*Musa errans*) ang nagsilbing pangmadaliang trabaho upang makabili ng bigas, kape, asukal at vetsin (*monosodium glutamate*). Sa panahon nila sa *evacuation at resettlement site*, kanin ang karaniwang pagkain na binibigay ng mga tumutulong sa mga Ayta. Bago pumutok ang Pinatubo, iba-iba ang pagkain nila batay sa panahon at nakakalap sa gubat. Ilang halimbawa: *kalot* (*Dioscorea hispida*), *labit* (*Dioscorea luzonensis*), ubod, pako, labong, at kabute na karaniwang kinakalap ng mga babaeng Ayta. Ang mga baboy ramo, usa, paniki, at ibon ay karaniwang hinahanap ng mga lalaking Ayta.

Mahigit na isang dekada mula nang pumutok ang Pinatubo, maraming pagbabago ang naganap sa buhay ng mga Ayta (Shimizu 2001). Pangungulila sa kanilang malawak na teritoryo, maliit na lote na tirikan ng bahay, at lupang sakahang hindi gasinong produktibo ang naging sitwasyon ng mga Ayta sa Kalangitan *resettlement*. Kung kaya’t taong 2002, ang mga matatanda sa bawat pamilya at ilang mga lider ng komunidad ay nagdesisyon na muling bumalik sa kanilang mga dating lugar upang *mag-gahak* o kaingin (Conklin 1957, Shimizu 1989). Sa paningin ng mga matatanda mahihirapan sila sa buhay sa Kalangitan sapagkat wala naman silang regular na hanapbuhay dito. Ang mga proyekto ng gobyerno at mga NGO ay naging pansamantala lamang sapagkat walang malinaw na bagsakan ng mga produkto nilang gawang-kamay. Nasambit pa ng matatanda na mas sanay silang magtanim ng kamote at saging kaysa mamasukan sa mga “unat” na mga Kapampangan, Ilokano, o Tagalog. (Ang tawag ng mga Ayta sa

kanilang sarili ay “kulot” at “unat” naman ang kanilang taguri sa mga hindi katutubo.) Sa gitna ng kahirapan sa *resettlement*, ang ibang pamilya ay nanatili at nakipagsapalaran na lamang sa buhay dito. Sa kanilang pananaw, mas nakakainam ang manatili sa resettlement dahil malapit ito sa paaralan, ospital, at iba pang serbisyo ng pamahalaan. Mayroon ding mga pamilya na hindi iniwan ang kanilang posisyon sa *resettlement* ngunit nagtatanim sa bundok. Sa panahon na sila ay bumababa mula sa bundok, may bahay silang nauuwian sa patag.

Ang sabi ng aming matatanda, “mabuti kayo at nagagawa ninyong kumilos upang pangalagaan ang ating karapatan sa lupa. Malaking bagay ito para sa inyong mga anak at sa susunod pang henerasyon. Ang mga pagkilos na nakikita ngayon ng inyong mga anak ang siyang magiging gabay sa mga hamong kanilang haharapin. Kami noon, wala kaming mga pagkilos na ginagawa sapagkat masaya kaming nabubuhay. Malaya kaming mangaso, maghanap ng isda sa sapa, at mangalap ng pagkain sa gubat. Hindi nga namin naisip na magtanim ng puno. Ngayon, marami nang iniisip na kabuhayan at marami na ang gustong tumulong sa atin. Kami noon, walang pakialaman, walang kakilala sa ahensya ng gobyerno. Basta dinadala lang kami sa Kapitolyo upang sumayaw. Hindi tinuruan kung paano umangat.” Kaya ako, bilang isang Ayta, ito ang aking panuntunan, sa kalagayan ng mga lupaing ninuno sa kasalukuyan, saan ka pa mangangaso? Saan ka pa pupunta kung kontrol na ang lupa ng iilan? Kasi noong unang panahon wala pang dayuhan. Sariling sistema lang, wala kang agam-agam.

-Bayani Sumaoang
Ayta ng Capas, Tarlac
Oktubre 2008

Nang nagdesisyon silang bumalik sa kanilang teritoryo, maraming usapin sa pagmamay-ari sa lupa ang kinaharap ng mga Ayta. Katulad ng nasabi ni Bayani Sumaoang, isang Ayta na nagsusubok na mapakilos ang kanyang pamayanan sa pagtanggol sa lupaing ninuno: “Saan ka pa mangangaso? Saan ka pa pupunta kung kontrol na ang sapa? Hindi katulad noong unang panahon wala pang dayuhan. Sariling sistema lang, wala kang agam-agam.” Bilang mga pamayanan na nasa transisyon mula sa *hunting/gathering*, batid nila na kailangang may gawin upang mabuhay sa kanilang kasalukuyang sitwasyon.

Kung noon ay nananatili na lamang tahimik o mahiyain ang isang Ayta, sa kanilang tingin ay hindi sila makakaligtas sa bagong hamon ng buhay. Sa pagputok ng bulkan, nabuksan din ang kamalayan ng mga Ayta sa mga serbisyo ng pamahalaan, simbahan, at mga NGO. Ang malapit na ugnayan sa mga 'unat' ay nagbigay ng pagkakataon na mapaigting ang kanilang pagkikilala sa kanilang kultura at kakanyahan bilang katutubong Ayta (Shimizu 2001). Ang karanasan nila sa pagputok ng bulkan ay nagturo kung paano mapahalagahan ang pagbubuo at pagkakasundo upang maabot ang layunin.

Kung noong araw sila ay hiwa-hiwalay sa bundok, nakita nila ngayon ang pangangailangang magsama-samang kumilos. Ang desisyon na magbuklod at mag-organisa ay galing sa karanasang ipagtanggol ang sariling kapakanan sa *resettlement site* o sa kanilang mahabang pagtalima sa proseso ng pag-angkin sa lupaing ninuno. Dito ang pananaw ng isang organisador na may karanasan sa pagpapalakas ng pamayanan ay lumapat sa pangangailangan ng mga Ayta na ipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupaing ninuno.

Sabay na pagtuklas sa pagpapalakas ng katutubong pamayanan

Gusto naming mabago 'yung kalagayan, 'yung pagtingin nila sa amin na kapag pinagalitan ay wala na; tiklop na, hindi na pwedeng magreklamo. Kaya nandito kami ngayon at nagpapalakas ng aking mga komunidad dahil sa kalagayan ng pananahimik ng mga kapatid—kapag pinagsabihan ang Ayta nanahimik na lang. Ang pinaka-konsepto namin na kung walang lupa hindi mabubuhay—du'n kami nagpatuloy na namulat tungkol sa karapatan sa lupaing ninuno. Atsaka gusto din naming mabago, 'yung pantay-pantay na pwede din sila magsabi na karapatan namin ito. Nagkakaintindihan kami—'yung ugali namin alam nila bilang matatanda sa pamayanan at 'yung ginagawa namin nauunawaan nila. Sinusulong namin yun upang tumaas ang antas ng katutubo. Atsaka 'yung wika nagkakaintindhan din kami. 'Yung sa pag-uugali tiwala po sila sa amin. Sa karanasan po kasi mahirap mag-organisa sa sariling lugar kung hindi nakikita sa iyo. Mahirap mag-organisa kung 'yung sinasabi mo hindi ginagawa. Hindi napapakita. Kaya 'yun, hanggang naging pederasyon kami. Hanggang ngayon nandito pa din kami magkakasama.

-Pagbabahagi ni Bayani Sumaoang sa kanyang karanasan sa pagpapalakas ng katutubong pamayanan ng mga Ayta.

- Oktubre 2010

Bilang tagalabas, nakisangkot ako sa buhay ng mga Ayta noong Hulyo 2002 hanggang Agosto 2006, may bitbit na kamalayan, proseso at pamamaraan upang mapakilos ang pamayanan. Ang lahat ng ito ay bunga ng mahigit na isang dekadang pakiki-ugnay sa iba't ibang pamayanan sa Pilipinas; mga karanasang galing sa mga naging kasama ko sa pagsasanay bilang isang organisador. Batay sa tradisyon ng *issue-based organizing*, ang pagsasanay ay isang malaking elemento upang mapakilos ang mga pamayanan. Ang pagsasanay na aking tinutukoy ay hindi nakakulong sa apat na sulok ng silid habang nagbabahagi ang isang 'eksperto' sa isang paksa, kundi ang sabay na pagtuklas sa mga bagay. Magkasabay sa proseso ang araw-araw na karanasan sa pakikipamuhay sa pamayanan at pagpapakilos.

Ang aking kinabibilangang NGO, na kilala sa pagpapanday ng mga organisador sa Pilipinas, ay inimbiba ng mga madre ng Holy Spirit Aeta Mission upang makatulong sa pagpapalakas ng samahan ng mga Ayta na tinatawag na LABAY KU taong 2002. Ang *labay ku* ay salitang Ayta na ibig pakahulugan ay 'gusto ko' at sa kabuuan, ang ibig sabihin ay "Lupon ng mga katutubong Ayta para sa Bagong Adhikain upang Yumabong ang Kabundukan at Umunlad ang bawat isa". Sa gabay ng mga madre at NGO, nakita ng mga Ayta ang pangangailangang mabuo ang kanilang mga dating sitio ng Ayta Mag-antsi sa Tarukan, Yangka, Bilad, Kawayan, Flora, Manabayukan at Kulyanan—mga lugar na dati nilang teritoryo at kung saan may oportunidad pa silang makabalik sa dating buhay ng pangangaso, pangangalap ng pagkain at pagkakaingin. Samantala ang mga Ayta na nagdesisyon na manatili sa Kalangitan Resettlement ay naharap din sa iba't ibang usapin batay sa kanilang pakikipag-ugnay sa 'unat'. Kadalasan sila ay naloloko sa kanilang produkto at nagagamit ang kanilang pagiging Ayta sa pagkuha ng mga pondo. Ang mga bagay na ito ang nagbunsod ng mga nagsilbing Ayta lider tulad nina Bayani, Andres, Boy, Jerry at Lito, ang mga tagapagboses ng komunidad na sa tingin ng mga kaugnay sa Holy Spirit Aeta Mission ay may pangangailangang dumaan sa pagsasanay upang mapakilos ang kanilang pamayanan. Ang ilan sa kanila ay nakakabasa at nakakasulat samantalang ang ilan sa kanila ay hindi, ngunit hindi ito naging balakid upang magpakilos ng mga kapwa Ayta sa mga usaping direktang apektado ang komunidad (Holy Spirit Aeta Mission 2003, 2006)

Ang mga pabaong prinsipyo ng pag-oorganisa nina Freire at Alinsky ang naging gabay ko sa pagpapakilos ng mga Ayta: ang tao ay kikilos kung sila ay apektado; sa proseso ng pagpapakilos ang tao ang magdedesisyon (Fisher 1994)³; ang pag-oorganisa ay nagsisimula sa takdang kamalayan ng mga tao

³Ayon din kay Tuhiwai Smith (2006), mahalaga na ang mga katutubo ang siyang nagdidisenyo ng kanilang sariling daan tungo sa pagbabago.

ngunit hindi nagtatapos dito; ang pagpakilos ay nagsisimula sa simple at maliliit na usapin hanggang sa mas komplikadong usapin.

Sa unang yugto ng pagsasanay, maraming talakayan ang nagpaigting at nagbigay-daan na magsuri ang kanilang kasalukuyang kalagayan sa resettlement man o sa kanilang mga dating teritoryo. Ang hakbang sa pag-oorganisa ang naging paraan namin upang mapakilos ang mga katutubong pamayanan sa maliit at malalaking isyu sa loob ng lupaing ninuno at kung may sumusulpot na usapin sa *resettlement site*.

Ang pagpapalitan ng kuru-kuro sa pagitan ng organisador at ng Ayta lider na si Bayani Sumaoang, tinatayang nasa 40 taong gulang at isa sa mga binasbasan ng mga matatanda sa kanilang pamilya upang maging tagapag-bosees sa mga ahensya ng pamahalaan, ay naghubog ng bago kong pananaw bilang organisador sa pagpapakilos ng mga katutubong pamayanan. Isa si Bayani sa mga dumaan sa proseso ng pagsasanay sa loob ng apat na taon upang mapakilos ang kanilang pamayanan sa pagtanggol sa kanilang karapatan. Ang talastasang ito ay naganap noong Nobyembre 2008 nang ako ay bumalik bilang isang organisador na may dagdag na lente mula sa disiplina ng antropolohiya. Sa usapang ito, hinimay ang mga hakbang kung paano nagpapakilos ang isang organisador. Ipinakita naman ni Bayani kung paano ang mga labas na pananaw ay dinagdag nila bilang bagong stratehiya sa kanilang pagkilos sa pagtanggol ng kanilang karapatan bilang katutubo. Bilang Ayta lider at bahagi ng kultura, siya mismo ang nagsalin ng mga proseso upang maging angkop ang gawaing pagpapakilos sa kanilang kalagayan bilang mga katutubong Ayta.

JANE: Sa tingin mo ba ay angkop ang pag-oorganisa sa kultura ng Ayta?

BAYANI: Sa tingin ko po ay may mahalaga siyang papel para mapakilos ang mga katutubo. Ang unang bahagi ay pinapaliwanag namin sa mga tao ‘yung nakikita naming gustong mabago. Sa tingin ko, mahalaga ‘yung papel ng nagpapakilos sapagkat siya ang nagpapalakas ng loob ng mga tao na may dapat gawin. Mahalaga sa aming mga Ayta ‘yung hindi mo sila iiwanan. Halimbawa, kung may problema sila, may pakiramdam sila na kasama ka nila at ginagabayan mo sila sa paglutas nito. Tingin ko sa pag-oorganisa mahalaga ‘yung tinatawag na “*groundwork*” upang masiguro na nauuwaan ng apektado ang nais mong ipabatid upang makakilos sa mga usapin. Kung kaya, noong sinimulan namin ang pagpapakilos sa mga sitio, kinausap muna namin yung mga kamag-anak namin upang maunawaan ang dapat kilusan.

Ipinaliwanag namin na kaming lahat na kamag-anakan ay apektado sa usapin ng lupaing ninuno. Mahirap na mapasok ng kung sinu-sinong interes ang aming lupain, kung kaya't kailangang dumaan sa proseso ng pag-angkin sa lupa mula sa pagkuha ng datos hanggang sa pagtukoy ng mga hangganan.

Sa aming kultura, mahalaga ang papel ng matatanda lalo't higit kung may problema. Matanda din ang magreresolba. Matanda ang namamagitan. Kung may problema sa isang pamilya, 'yung matatanda ng bawat angkan ang mag-uusap upang maayos ang problema. Ayon po sa kwento ng matatanda, noong araw ang kadalasang problema ay pag-agaw ng asawa, may isa pong matanda na mahusay mag-ayos ng ganitong usapin. Siya po ang nire-respeto ng iba pang matatanda sa bawat pamilya. Ang tawag po sa amin ay *matubag* o *matulid*—may kakayanang magtuwid ng mga usapin.

Kaya't nang kumilos kami sa usapin ng lupaing ninuno, inuna muna po 'yung mga matatanda, kapag pumayag 'yung mga matatanda, mas malakas ang suporta sa mga gawain. Mas malaya kang makipagkwentuhan. Mismo 'yung mga matatanda ang magsasabi: “pakinggan natin yung sinasabi ng kapatid ninyo, kasi kung di tayo magkakaisa, mahina ang grupo natin.” Ganoon ang ginawa namin. May basbas ng mga matatanda. Kasi malakas po ang matatanda, kapag ayaw niyang papuntahin ang pamilya niya, hindi po talaga pupunta 'yun. Ganun po kalakas 'yun. Pag sinabi po ng matanda na di kayo pupunta diyan, kahit isa diyan di pupunta. Kailangan po na di mapahiya ang matanda at hindi sila pinapawalang-bahala sa proseso.

JANE: Sa inyong ginawa, mukhang di siya karaniwan sa proseso ng pag-oorganisa. Mula sa pagtukoy ng potensyal na lider hanggang sa pagpapalawak ng iyong base. Bilang organisador, mayroon kang tinatawag na “*contact building*”, pagpapasulpot ng lider upang lumawak ang pag-oorganisa. Ginawa ninyo ba ito?

BAYANI: Sa amin po ay angkanan po 'yan. Bale matanda ang magtutukoy, 'yung mangunguna sa pagsabi ng mga problema. Nirerespeto namin 'yung matatanda kaya doon lalo nila kaming sinuportahan. 'Yung tinuro po ninyong hakbang ng pag-oorganisa ay inangkop po namin sa aming pamamaraan at kultura. Sa amin po mahalaga ang pami-pamilya, sila po ang tutukoy ng lider na makikipag-usap at magsasabi ng isip ng

pamilya nila. Kung may pagdedesisyunan, sila ang magsasabi kung sino ang magpepresenta ng usapin.

Sa amin po, mahalaga na hindi mapapahiya ang tao. Kung kaya't mahalaga na matanda muna ang kinausap namin para maipakita ang aming respeto na hindi siya nilalampasan at hindi mapapahiya na wala siyang kaalaman sa proseso. Ngayon po, pwede siya ang magsabi kung sino ang tagapagsalita ng pamilya nya lalo sa panahon na kailangan 'yung nakakabasa.

Bilang tagalabas sa kultura, ito ang mahalagang maunawaan ng isang organisador: kailangang may pag-unawa at pagrespeto sa mga sistema sa loob bago sabihing may kailangang pagbabagong maganap. Mahalagang maunawaan ang katutubong gawi, kultura, at proseso ng pagdedesisyon ng katutubong pamayanan bago makagawa ng isang plano ng pagpapakilos. Sa punto ng pagpapakilos, kinakailangan ang malalim na pag-alam sa mga proseso ng pagdedesisyon ng katutubo, ang kanilang institusyong pulitika o kung sino ang karaniwang nagdedesisyon sa panahong may sigalot; ang pagkilala na bago pa man pumasok ang mga NGO, simbahan, o anumang ahensya ay may sariling sistema na ang katutubong pamayanan.

Karaniwan, ang mga tagalabas sa kultura ay may pag-iisip na magtayo ng kooperatiba, samahang pampampayanan o *people's organization (PO)* bilang representasyon ng pagkakaisa. Itong punto ay pinalalim ni Steven Rood nang kanyang isinalaysay na:

In short, while in mainstream cultures NGOs often need to do "community organizing" as a first step, NGOs repeatedly find that indigenous peoples have already spontaneously taken steps in regards to their problems. This is not to say that organizing is not needed. Rather, it is to say that, in the distinction often made in the Philippines, "people's organizations" (or POs) already exist in the traditional communities. The indigenous peoples' communities act collectively for the benefit of their members. The NGOs that want to support these peoples have a ready-made starting point (1998:141).

Sa karaniwang karanasan ng mga NGO, simbahan, o iba pang ahensyang tumutulong sa mga batayang sektor, mahalaga na mayroong samahang mabuo na tinatawag na "*people's organization*". Ngunit batay sa pag-aaral ng mga antropolohista, ang mga katutubong pamayanan ay may sariling sistemang pang-ekonomiya at mga institusyon bago pa man dumating ang Estado. Ang kultura at sistemang ito sa kanilang sariling lipunan ay may

mahalagang papel sa pagsasaayos ng mga ugnayan sa loob ng kanilang pamilya, angkan, o pangmalawakang ugnayan. Hindi naman lahat ng katutubong pamayanan ay may pormal na batas na sinusunod, tulad ng hukumang pang-katarungan, batas na nakasulat at ipinapatupad, ngunit lahat ng katutubong pamayanan ay may pamamaraan upang mapanatili ang katiwasayan sa loob ng ugnayan o *social control* (Kottak 2006:388). Ang lahat ng katutubo sa Pilipinas ay may kakanyahan batay sa kanilang pamumuhay. Ang mga stratehiya na naging epektibo upang mapakilos ang ibang sektor ay maaring hindi akma sa sistema ng katutubong pamayanan. Mahihirapan ang isang manggagawang intindihin ang mga bagay sa buhay ng katutubo kung ang gamit na panukat ng pag-unlad ay walang pagsa-alang-alang sa kultura at sistema ng pagdedesiyon ng katutubong pamayanan.

Malaki ang naging tulong ng lente ng antropolohiya upang maunawaan ko bilang organisador kung paano napakilos ng mga Ayta lider ang kanilang angkan upang ipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupaing ninuno. Ang prinsipyo ng organisador (“ang tao ay kikilos kung sila ay apektado”) ang malalim kong naibahagi sa mga Ayta lider, samantalang sila naman ang nagsiguro na nauunawaan ng kanilang angkan lalo ang mga matatanda ang pagtatanggol sa kanilang karapatan. Ayon sa kwento ni Jerry Diaz, isang Ayta lider ng Capas, mahalaga sa kanila na nagkakasundo ang kanilang angkan o pami-pamilya sapagkat sila-sila ang nagtutulungan sa panahon ng suliranin (Ika-9 ng Oktubre, 2008). Umiikot ang ugnayan batay sa kanilang relasyon sa pamilya o kanilang angkan.

Bilang mga Ayta lider, alam nila na hindi simpleng mga usapin ang kinakaharap ng pamayanan. Naunawaan nila na mahalaga ang respeto sa mga matatanda kung kaya’t ito ang kanilang naging pangunahing prinsipyo sa pag-oorganisa (*organizing principle*) sa pagsisimula ng pagkilos. Mahalaga rin na may mga titindig sa loob ng pamayanan bilang tagaboses upang maipahayag ang kanilang usapin. Karaniwang naatasan ng ganitong papel ay yaong mga nakapag-aral, may 'lakas ng loob', at mahuhusay magsalita. Kinilala din na hindi na lamang agawan ng asawa, paggagasak, at pangangaso ang usapin ng mga Ayta sa kasalukuyan. Kailangan nilang ipaglaban ang kanilang karapatan sa kanilang lupaing ninuno (na bahagi ng reserbasyong militar sa O’Donnell), ang kanilang karapatan sa mga pastulan sa loob ng lupaing ninuno, ang pagkilala sa kanilang mga lideratong Ayta ayon sa gitna ng sala-salabit na batas sa bansa, at ang hindi maloko sa aspetong pangkabuhayan. Ang mga usaping ito ay malalaking hamon ng mga katutubong Ayta sa ngayon at sa hinaharap.

Sa pagpapalitang-diwang ito, pinakita ang pagsasanib ng mga konsepto, hakbang sa pag-oorganisa, at ang paglalapat sa kultura ng mga Ayta. Sa mga Ayta, mahalaga ang maayos na ugnayan sa bawat isa.

JANE: Tingin ninyo ba nu'ng nag-organisa tayo nabago ba 'yung Ayta? Nakatulong ba 'yun sa mga pamayanan? O baka 'yung iba naman talaga ang gusto lang ay mag-*hunting*, mag-*dangso* at para makakain. Bakit kailangan pang mag-organisa? Bakit kailangan pang pakilusin?

BAYANI: Ngayon po nakita na mahalaga na magsama-sama kapag may isyu. Mahirap pala 'yung wala kang pakialam. Halimbawa, kung may kinatakutan, may pumasok na hindi kilala sa baryo, talagang wala ka nang makikitang Ayta sa baryo. Talagang tatakbo sa gubat. Hiwa-hiwalay na 'yan. Hindi mo na mahagilap.

JANE: Paano kayo mag-organisa kung yung mga Ayta palipat-lipat ng lugar?

BAYANI: Mayroon naman pong pag-uusap. Halimbawa, ngayon darating kami o kaya pwede naman na puntahan sa *gasak*, *maglambongan*. Panahon ng mais. Ihawan. Diretso ka na. Alangan naman pahiyain mo sila. *Magduman*, kung may pa-trabaho, pwede tumulong. *Sugo*, isa ding paraan mapalapit ang tao. Kung may patay, pwede ring maglamayan, magdamag. Isang paraan na mapalapit, kung may handaan kasama din kami at doon na sa kwentuhan pinag-uusapan na yung mga isyu.

JANE: Noong una ninyong ginawa, may isyu na kayo at hindi ang mga tao ang nagtukoy ng isyu.

BAYANI: Bale noong una po ay pagmumulat 'yung karaniwang paggamit sa katutubo. Sinimulan po namin sa mga usapan ang karanasan namin bilang mga Ayta na palaging ginagamit at "dito lang ba tayo at wala tayong kaalaman tapos palagi na lang tayo nagagamit? Kaya kailangang kumilos tayo!"

JANE: Sa kultura ng tagapag-organisa ang tawag doon ay "pagpukaw sa kamalayan," hindi ba ito labag sa inyong kultura?

BAYANI: Hindi naman dahil iba ang kalagayan. Hindi katulad noon na malaya kang mangaso, malaya kang kumuha ng kugon, malayang kumuha ng kahoy. Ngayon ay hindi na.

JANE: Pag sinabi mong Ayta sino ba siya? Ano ang kinagawian niya?

BAYANI: Kultura niya, yun po mahilig mag-*gasak*. *Gasak* yung buhay nya. *Dangso*, *hunting*. Kapag umani tatawagin po lahat ‘yun bago kumain, mga kamag-anakan. Kapag nag-asawa ‘yung anak, papaalam din para kumuha ng *pahunga* at titikman din kahit tag-iisang karne. Bigas, kahit isang gatang. Pag nag-asawa din ‘yung anak mo magbibigay din lahat ‘yun.

JANE: Kung may tagalabas na mag-oorganisa sa mga katutubo ano ang dapat na alam niya?

BAYANI: Kailangan alam mo ang buhay ng tao bago ka mag-organisa sa mga katutubo. Mahirap mag-organisa pag di mo alam. Kaya lamanin mo muna ‘yung saloobin. Mahalaga na alam ang kalagayan ng tao—ano ang kaugalian nila. Kultura nila. Kinagawian. Kinagisnan.

JANE: Sino ang epektibong magpakilos sa katutubong pamayanan?

BAYANI: Kami po mas kilala namin ang ka-tribu namin. Mas alam namin ang gusto nila. ‘Yung ugali at kultura kasi ka-kultura po namin yun eh. Mahalaga po ‘yung pagmumulat sa pananahimik. “Mayroon tayong karapatan.” “Kailangan nating magkaisa.” Noong nagsimula po kami, ito ang mga mahalaga naming ginawa.

JANE: ‘Yun ang kaibahan sa *CO*, pag tagalabas ang organisador kailangan may malalim na pagsiyasat sa sitwasyon ng komunidad.

BAYANI: Sa hakbang ng pag-oorganisa, may sinasabing kailangan ng pagsisiyasat sa komunidad. Kami bilang mga Ayta lider, hindi na namin ginawa ang pagsisiyasat kasi kilala na namin yung katutubo. Mas kapado namin ang pangangailangan. ‘Yung tagalabas po ang kailangang magsiyasat.

JANE : Hindi ba natatakot ang mga matatanda sa mga usapin at pagkilos?

BAYANI: Noong una po ganyan, pero pinalakas po namin ang isip nila. Binalikan nang binalikan. Noon kasi walang isyu ng lupa, puro sa alitan lang sa pamilya tulad ng *bandi* sa pag-aasawa at mga usapin sa pamilya.

...

JANE: Nang naging Ayta lider kayo parang kayo ang mga tumulay, ano ang mga nakita mo? Nakatulong ba ‘yun sa pagkatao mo o pakiramdam mo ngayon iba ka na? Parang hindi ka na lang isang simpleng Aytang mag-isip. O pagtingin mo na nakatulong ba yun sa pagiging tao mo?

BAYANI: Sa akin po, hindi ko na talaga malilimutan ‘yan. Natanim na talaga sa isip ko yun— pagpapakilos, ‘yun ang dahilan na nagkakaisa kami ngayon. May isang na kaming direksyon at ugnayan.

Ayon kay Shimizu (2001), isa sa mga epekto ng pagputok ng Pinatubo ay nagbigay ito ng pagkakataon sa mga Ayta na makilala ang kanilang kakanyahan bilang katutubo. Tinawag niya itong “*ethnic awakening*” o “*cultural unity*” (Seitz 2004). Ang kamalayang ito ang nagtulak kay Bayani at iba pang Ayta lider sa pamamagitan ng basbas ng mga matatanda na paigtingin ang mga gawain ng LABAY KU na siyang magsilbing boses ng mga katutubong Ayta.

Pagbasag ng 'kultura ng pananahimik'

Ang pagbasag sa 'kultura ng pagkawalang-kibo' ay naging mahalagang aral sa mga Ayta lider. Karaniwang ugali ng mga Ayta ang maging mahiyain at kadalasang takot humarap sa mga taong may mataas na pinag-aralan. Kadalasan ay mababa ang tingin sa sarili sa ganitong kalagayan bunga ng karanasan na napagsasamantalahan dahil hindi nakakabasa at nakakasulat. Sa kasalukuyan, nabuksan ang kamalayan ng mga Ayta sa kanilang karapatan bunga ng pakikiugnay sa iba’t ibang grupo tulad ng simbahan at NGO.

JANE: Ano ang mahalagang naiambag sa iyo ng pagsasanay na nasabi mong hindi mo makakalimutan?

BAYANI: ‘Yung pagkabasag sa kultura ng pananahimik. Kahit anong mangyari, kahit bali-baligtarin pa rin, pusong Ayta pa rin ako kahit nabasag ang kultura ng pananahimik. Ayta ako dahil walang dugong dayuhan at Ayta ang gusto kong mapataas. Noon nga po naguluhan na ako, tapos inaatake din ako ng pamilya ko sa kabuhayan namin. Kamuntik na akong sumuko pero dahil sa prinsipyo, ‘yun ang malaking papel na binigay sa akin, naturo sa prinsipyo— pagmumulat sa katahimikan. Paano masusulong kung kami ang mahina? Kung titingnan lang ang sahod, kung walang sahod wala na. Kaya ang ginawa ko tanim ng saging at gabi. Hanggang nakabawi ako.

Sa ugali naming katutubo basta mataas ang tungkulin mo, susunod na lang sila. Kapag sa patag, kung ano ang sinabi ng may katungkulan susunod na lang sila. Kaya pinaliwanag namin ang tungkol sa kultura ng pananahimik na hindi lang sumusunod, na kailangan magsalita ka. 'Yung nasa loob mo kailangan din sinasabi at hindi lang sunud-sunuran sa mga sinasabi kahit di naiintindihan.

JANE: Nakatulong ba iyon sa mga Ayta? Bakit?

BAYANI: Kasi 'yun po yung nararamdaman namin nu'n eh. Noong di pa po namin napag-aralan yung ganyan, kung ano ang sinabi ng kapitan o ng matanda wala na kaming tutol.

JANE: Paano ngayon na may pagtutol na, taliwas na kayo sa kultura ninyo?

BAYANI: Hindi naman po, ngayon malaya na din silang magpahayag ng saloobin. Kasi kung kinikimkim lang hindi kayo makakatulong sa amin. Kung ipinapahayag ninyo, mas makakaisip tayo ng pamamaraan kung paano natin gagawin 'yung proseso.

Ang aming mga usapang ito ang nagpatalas ng aking pang-unawa sa kabuuang buhay ng mga Ayta kung saan sinigurado ni Bayani na ang pamamaraan ko ng pag-oorganisa ay aangkop sa kanilang kultura bilang mga Ayta. Bagamat ang pamamaraan at konsepto ng pag-oorganisa ay modelo na galing sa labas, siya bilang tagaloob sa kultura ang humulma ng mga pamamaraang aakma sa kanilang buhay. Nakita ni Bayani na kailangan nilang buuin ang kanilang angkan upang maprotektahan ang kanilang karapatan sa lupaing ninuno. Ginagawa nila ito hindi lamang para sa pampamilyang interes ngunit sa mga susunod nilang henerasyon. Bilang Ayta lider si Bayani ay hindi lamang tagabigay ng impormasyon o kaalaman batay sa kanyang katutubong pamayanan kundi siya ay naging kasama ko sa pagtuklas ng mga kaalaman. Nagsuri siya ng mga balangkas sa sarili niyang kultura at pamayanan sa pagnanais na makabuo ng pamamaraan upang mas maging epektibo ang pagpapakilos sa mga katutubong pamayanang Ayta.

Binigyang diin nina Low at Merry (2010) ang papel ng aking tinatawag na 'antropolohiya na nakikisangkot' (*engaged anthropology*). Mahalaga ang kolaborasyon ng tagalabas at tagaloob sa isang kultura. Ayon kay Racelis (2004) malaki ang ambag ng isang antropolohista na makatulong sa pagsalarawan ng mga proseso at balangkas sosyal (*social organization*) ng isang pamayanan. Ang kaalamang ito ay mahalagang ambag sa isang organisador upang mas makabuo ng isang disenyo ng pagpapakilos batay sa malalim na pagunawa sa balangkas ng katutubong pamayanan at ng kanilang

mekanismo ng pagdedesiyon batay sa kultura at gawi. Ang resulta ng ganitong proseso ay makakatulong sa mga katutubong pamayanan na masuri ang kanilang sariling kalagayan tungo sa pagbubuo ng solusyon sa kanilang mga natukoy na problema (Racelis 2004).

Ang pagkakataon na nakibahagi ako sa usapin ng mga Ayta bilang isang organisador at tagapagsanay sa mga Ayta lider ay nagbigay sa akin ng malalim na pag-unawa na may kailangang pagkilos na mangyari. Ang desisyong kumilos ay nagbuhat sa kamalayan ng mga Ayta lider na kailangang pangalagaan ang kanilang karapatan at mabasag ang 'kultura ng pananahimik' upang makibahagi sa mga proseso ng pamahalaan na direktang apektado ang kanilang katutubong pamayanan. Ang pagkakataong bumalik bitbit ang lente ng antropolohiya ng pakikisangkot ay nagbigay ng pagkakataon na madokumento ang karanasan sa pagpapakilos ng pamayanan sa pamamagitan ng pagbisita sa mga proseso ng pag-oorganisa at kung paano isinagawa ng mga Ayta lider ang pag-oorganisa na angkop sa kultura. Dito ko nakita ang tunay na pagsasanib ng mundo ng pag-oorganisa tungo sa pakikisangkot at ng antropolohiya ng pakikisangkot.

Tungo sa antropolohiya ng pakikisangkot

Sa paglalagom ng aking karanasan, gusto kong tingnan sa dalawang antas ang pagbubuo: para sa mga katutubong pamayanan na nagnanais na magkaroon ng tinig sa lipunan at sa mga tagalabas sa kultura na nagnanais maging kabahagi ng 'pag-unlad' ng mga katutubong pamayanan.

Sa pagbukas ng mga katutubong pamayanan sa pakikipag-ugnay sa mga nais magsuportang grupo, kailangan ang maingat na pagsusuri sa kaangkopan ng mga programa batay sa sariling kakayahan, kabuhayan, at kultura ng mga Ayta. Magaganap lamang ito kung ang mga nakikiugnay ay may malalim na respeto na magmumula sa pag-unawa kung sino ang mga Ayta, ang kanilang kinagawian, at ang kanilang kalagayan sa loob at labas ng kanilang lipunan. Para sa akin bilang organisador at tagapagsanay, malaki ang naging ambag ng lente ng antropolohiya sa aking pamamaraan upang maangkop ang pamamaraan, konsepto, at pilosopiya ng pagpapalakas ng pamayanan sa kultura ng katutubong pamayanan. Bilang organisador, malakas sa akin ang konsepto ng pakikilahok at malayang konsultasyon tungo sa pagkamit ng isang desisyon na may pagsang-ayon ang karamihan. Sa proseso ng pag-oorganisa, siniguro ng mga Ayta-lider na makaugnay ang mga matatanda ng malalaking pamilya at na nauunawaan nila ang usapin ng lupaing ninuno. Batay sa sistema ng mga Ayta, mahalagang maramdaman ng mga matatanda na sila ay may mahalagang papel sa prosesong ito upang mahikayat ang iba pang miyembro ng pamilya. Mahalagang maunawaan ng

isang organisador ang ugnayan sa bawat pamilya sa katutubong pamayanan, ang kanilang relasyon sa bawat isa, at ang sistema ng pagdedesisyon sapagkat dito umiikot ang kanilang buhay (Keesing 1975). Bilang tagalabas, ang aking naging susing papel ay ipaunawa ang kanilang karapatan bilang mga katutubo. Ang mga Ayta lider ang nagsiguro na ang proseso ng pag-oorganisa ay nailapat sa kanilang sistema bilang Ayta. Ang resulta ay isang matagumpay na pagpapalakas ng boses ng mga Ayta sa Capas.

Na mismong ang mga Ayta lider na nauunawaan ang kanilang sariling sistema sa pagbubuo ng desisyon ang nagsiguro na may tunay na konsultasyon na nagaganap sa bawat angkan ay isang mahalagang prosesong dinaanan. Napagnilayan ng mga Ayta na maraming bagay sa buhay nila ang nagbago mula noong pumutok ang Pinatubo. Hindi na lamang ang bawat pamilya ang nagdedesisyon sa kanilang mga usapin sa loob ng lupaing ninuno. May malaking papel ding ginagampanan ang lokal na pamahalaan, at may pangangailangang makiugnay sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan, NGOs, simbahan at ibang ahensya upang mapangalagaan ang kanilang karapatan. Nakita nila na kailangang palakasin ang boses ng mga Ayta upang maging bahagi sa pagdedesisyon sa mga bagay na apektado ang kanilang pamayanan.

Sa layon na makabuo ng isang modelo ng pagpapalakas ng katutubong pamayanan, mahalaga ang pag-uugnay ng dalawang disiplina. Ang pagsasanib na ito ay tinatawag kong “kultura ng pakikisangkot”—buhat sa karanasan ng pagpapakilos ng pamayanan na galing sa impluwensya ng pag-oorganisa (*community organizing/CO*) at ng antropolohiya na bahagi ang tao sa proseso ng pakikisangkot (*engagement*) sa pagtuklas ng kaalaman at paggamit ng kaalaman para sa pagkilos. Karamihan sa mga katutubong pamayanan sa ngayon ay nahaharap sa iba't ibang hamon, kayat malaki ang ambag ng antropolohiya sa kung paano masuri ang kalagayang ito at maisalarawan ang di-pagkakapantay-pantay (Nagengast 2004, Sanford and Angel-Ajani 2006). Ayon kay Philippe Bourgois (2006), ang mga antropolohista sa kasalukuyan ay dapat maging aktibo sa pagmamasid (*engaged observer*) upang epektibong maisalarawan ang sitwasyon ng mga walang tinig sa lipunan. Hamon din sa mga antropolohista na hindi na lamang maging tagamasid sa mga nangyayari sa isang pamayanan sapagkat ang mga pamayanang ito ay nahaharap sa mga suliranin ng kaunlaran at iba pang usapin. Ang antropolohiya ay isang paraan tungo sa pagpapalaya at upang makaambag sa pagbabago ng lipunan (Hale 2008, Harrison 1997, Speed 2006). Itong pagtatagpo ay nagbunga ng isang mapagpalayang pamamaraan para sa mga katutubong Ayta sa kanilang pagtawid mula sa 'kultura ng pananahimik' patungo sa 'kultura ng pakikisangkot'.

Pagkilala

Ang pagkakataong bumalik sa katutubong pamayanan bilang isang antropolohista ay naisakatuparan sa paniniwala ng *Institute of Philippine Culture* na ang isang *action-research* ay mahalaga upang mapahusay ang mga gawain sa katutubong pamayanan. Ang suporta ng *Merit Research Award* ay nagbigay pagkakataon upang muling bumabad sa mga komunidad bilang isang antropolohista kasabay nina Dr. Mary Racelis, Bayani Sumaoang, at Ramcy Astoveza.

Mga Sanggunian

- Alinsky, Saul. (1971). *Rules for Radicals*. New York: Randomhouse, Inc.
- Anderson-Lazo, Anna L. (2009). A Reflection on Political Research and Social Justice Organizing. *New Proposals: Journal of Marxism and Interdisciplinary Inquiry*. 2(2):61-72.
- Behar, Ruth. (1996). *The Vulnerable Observer: Anthropology That Breaks Your Heart*. Massachusetts: Beacon Press.
- Bourgois, Philippe. (2006). Anthropology in the Global State of Emergency. Sa Victoria Sanford at Asale Angel-Ajani (mga patnugot), *Engaged Observer: Anthropology, Advocacy and Activism*. Pp. ix-xii. New Jersey: Rutgers University Press.
- Chambers, Edward T. (2008). *Roots for Radicals: Organizing for Power, Action, and Justice*. New York: The Continuum Publishing Group.
- Conklin, Harold C. ([1957]1975). *Hanunuo Agriculture: A Report on an Integral System of Shifting Cultivation in the Philippines*. Connecticut: Elliot's Books.
- COPE Foundation Manual. (w.p.). *Community Organizing Training Manual*. [Di-nilathalang Training Manual.]
- Davies, Charlotte Aull. ([1998]2008). *Reflexive Ethnography: A Guide to Researching Selves and Others*. New York: Routledge.
- Fisher, Robert. (1994). *Let The People Decide: Neighborhood Organizing in America*. New York: Twayne Publishers.
- Freire, Paulo. ([1970]1984). *Pedagogy of the Oppressed*. New York: The Continuum Publishing Corporation.

- Hale, Charles R. (patnugot). (2008). *Engaging Contradictions: Theory, Politics, and Methods of Activist Scholarship*. California: University of California Press.
- Harrison, Faye V. (2008). *Outsider Within: Reworking Anthropology in the Global Age*. Urbana and Chicago: University of Illinois Press.
- Harrison, Faye V. ([1991]1997). *Decolonizing Anthropology: Moving Further Toward an Anthropology for Liberation*. Virginia: American Anthropological Association.
- Hope, Anne at Sally Timmel. (1999). *Training for Transformation: A Handbook for Community Workers*. Zimbabwe: Mambo Press.
- Holy Spirit Aeta Mission. (2006). *Ancestral Domain Sustainable and Protection Plan*. Organizational Plan: Capas, Tarlac. LABAYKU, Inc.
- Holy Spirit Aeta Mission. (2003). *A Journey, A Partnership*. Annual Report, Tarlac City: Holy Spirit Aeta Mission Program.
- Keesing, Roger M. (1975). *Kin Groups and Social Structure*. Florida: Holt, Rinehart, and Winston Inc.
- Kottak, Conrad Phillip. (2006). *Anthropology: The Exploration of Human Diversity (11th ed.)*. New York: Mc Graw Hill.
- Low, Setha M. and Sally Engle Merry. (2010). Engaged Anthropology: Diversity and Dilemmas: An Introduction to Supplement 2. *Current Anthropology*. 51(2):203-226.
- Maglaya, Felipe. (1987). *Organizing People for Power: Some Perspectives to Community Organization*. Asian Committee for People's Organization.
- Miller, Mike. (2009). *Community Organizer's Tale: People and Power in San Francisco*. California: Heyday Books.
- Murphy, Denis. (2005). Community Organization. [Electronic document, <http://www.locoa.net/>, accessed June 20, 2008.]
- Nagengast, Carole and Carlos G. Velez Ibañez (mga pat.). (2004). *Human Rights and the Scholar Activist*. Oklahoma City: Society for Applied Anthropology.
- Omoto, Keiichi. (1981). The Genetic Origins of the Philippine Negritos. *Current Anthropology*. 22(4):421-422.
- Racelis, Mary. (2004). Anthropology with People. Sa Yasushi Kikuch (pat.) *Development Anthropology: Beyond Economics*. Pp. 138-151. Quezon City: New Day Publishers.
- Reed-Danahay, Deborah E. (pat.) (1997). *Auto/Ethnography Rewriting the Self and the Social*. New York: Berg.

- Rogers, Mary Beth. (1990). *Cold Anger: A story of Faith and Power Politics*. Denton, Texas: University of North Texas Press.
- Rood, Steven. (1998). NGOs and Indigenous Peoples. Sa G. Sidney Silliman at Lela Garner Noble (mga pat.), *NGOs, Civil Society, and the Philippine State: Organizing for Democracy*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Sanford Victoria and Asale Angel-Ajani. (2006). *Engaged Observer: Anthropology, Advocacy and Activism*. New Jersey: Rutgers University Press.
- Seitz, Stefan. (1998). *Coping Strategies in an Ethnic Minority Group: The Aeta of Mount Pinatubo*. Overseas Development Institute. 22(1):76-89.
- Seitz, Stefan. (2004). *The Aeta at Mt. Pinatubo, Philippines: A Minority Group Coping with Disaster*. Quezon City Philippines: New Day Publishers.
- Sen, Rinku. (2003). *Stir It Up: Lessons in Community Organizing and Advocacy*. California: Jossey-Bass A Wiley Imprint.
- Shimizu, Hiromu. (1989). *Pinatubo Aytas: Continuity and Change*. Quezon City, Philippines: Ateneo de Manila University Press.
- Shimizu, Hiromu. (2001). *The Orphans of Pinatubo*. Manila, Philippines: Solidaridad Publishing House.
- Speed, Shannon. (2006). At the Crossroads of Human Rights and Anthropology: Toward a Critically Engaged Activist Research. *American Anthropologist*. 108(1):66-76.
- Szakos, Kristin Layng at Joe Szakos. (2007). *We Make Change: Community Organizers Talk About What They Do—and Why*. Nashville: Vanderbilt University Press.
- Tuhiwai Smith, Linda. (2006). *Decolonizing Methodologies: Research and Indigenous Peoples*. New Zealand: University of Otago Press.
-

APENDISE

Talaan ng mga Terminong Ayta

- Amukaw** – *Musa errans*. Isang uri ng saging na labuyo na matatagpuan lamang sa Pilipinas (*wild banana*).
- Bandi** – Batas ng Ayta na kailangang magbigay ang ikakasal na lalaki sa pamilya ng ikakasal na babae upang masiguro na hindi magloko ang babae o lalaki.
- Kalot** – *Dioscorea hispida*. Isang uri ng halamang-ugat (*yam*).
- Dangso** – Bahagi ng buhay ng mga Ayta na magkalap ng pagkain sa gubat at ilog. Sa panahon ng tag-init makikita ang magkakapamilya na magkakasama sa tabing-ilog upang manghuli ng isda. Kung anuman ang makuha sa ilog ay pinagsasaluhan ng lahat.
- Duman** – Pagsasama-sama ng mga pamilya upang mag-alay ng pagkain sa mga espiritu bilang tanda ng pasasalamat, at upang kumain ng bagong ani.
- Gasak** – Kaingin.
- Labit** – *Dioscorea luzonensis*. Isang uri ng halamang-ugat (*yam*).
- Lambungan** – Kwentuhan.
- Pahunga** – Pangsuyo sa pamilya ng babae sa panahon ng pag-aasawa.
- Sugo** – Bayanihan.

Jane DC. Austria-Young, *Institute of Philippine Culture, Ateneo de Manila University*. Nakibahagi sa mga pamayanan bilang Organisador-Tagapapagsanay ng mahigit sa isang dekada. Bumalik sa unibersidad bilang fellow ng *International Fellowships Program-Ford Foundation* upang magdagdag ng kaalaman gamit ang lente ng antropolohiya. Ang pagsasanib ng kaalaman sa pag-oorganisa at antropolohiya ng pakikisangkot ay patuloy na pinatatalas kasabay ng mga katutubong pamayanan.
Email: <janeeaustralia@yahoo.com>